
THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#533 JANUARY 16-31, 2025 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# 2025 BAGONG PILIPINAS




**MANILA, Philippines** — Tiniyak ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na bawat sentimo ng 2025 national budget ay nakalaan para sa mga programang tunay na magpapabuti sa buhay ng bawat Pilipino, magpapalakas sa mga komunidad, at magtitiyak ng mas maliwanag na kinabukasan ng bansa. Sa kanyang pirmahan ng General Appropriations Act, idiniin niya ang maingat na paggamit ng pondo sa ilalim ng malinaw na patakaran, cash programming, at mahigpit na pagsusuri upang masiguro ang epektibong implementasyon.

Patuloy ang administrasyon sa pakikinig sa boses ng bayan at pagsasaayos ng budget para tumugon sa tunay na pangangailangan ng masa. Sa pangako ng transparent at responsableng paggastos, pinatunayan ni PBBM ang kanyang dedikasyon para sa mas maunlad at **mas matatag na Bagong Pilipinas**.

**Samantala, nahaharap sa patung-patong na problema si Vice President Sara Duterte** dahil matapos itong alisin ni Pangulong Marcos bilang miyembro ng National Security Council (NSC) kamakailan, ay maaaring maharap pa ito sa ikaapat na panibagong impeachment complaint sa Kongreso.

"Ilang miyembro ng mayorya sa Kongreso ang nagpahiwatig na maghahain ng ikaapat na impeachment complaint laban sa Bise-Presidente," ayon kay House Secretary General Reginald Velasco.

Gayunman, tumanggi muna si Velasco na pangalanan ang mga nasabing mambabatas na planong maghain ng isa pang impeachment complaint laban kay VP Sara.

Dagdag pa ni Velasco, ang gusto ng ilang mambabatas ay umusad na ang mga nakahaing impeachment complaint ngunit mismong si Pang. Ferdinand Marcos Jr. ang tutol dito.

"Actually ang gusto nga ng ilan umusad na kahit isa lang sa naunang tatlong impeachment complaint laban kay VP pero hindi ba ayaw na ni PBBM ito ituloy?" wika ni Velasco.

Matatandaang nag-ugat ang mga reklamo laban kay VP Sara dahil hindi nito maipaliwanag kung saan ginastos ang P125 milyong confidential funds nito noong taong 2023 at noong nakaraang linggo lamang naman, inalis na rin ni PBBM ang bise presidente bilang miyembro ng NSC.



TalibaFlipzMedia

**Photography Services**

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Sino ang mga posibleng papalit kay PM Trudeau nang magbitiw? Pipili ang mga liberal ng bagong lider.

## *May insiders at outsiders na nagpahiwatig nais mamuno sa Liberal*



***Nagbitiw na sa pwesto si Prime Minister Justin Trudeau — pero kailangan makahanap muna ng hahalili ang kanyang partido.***

**Pipilahan ng matataas na kasapi ng Liberals ang pinakamakapangyarihan na trabaho sa partido — at sa bansa — matapos ihayag ni Prime Minister Justin Trudeau na siya ay magbibitiw.**

Matapos ang ilang linggo na umiinit na panawagan ng mga Liberal MP [Member of Parliament], inihayag ni Trudeau noong Lunes na magbibitiw siya sa puwesto sa oras na mayroong napiling bagong lider ang partido.

Ang mga potensyal na kandidato ay malapit nang magpakilala sa taumbayan kung bakit sila ang pinakamagaling na hahalili sa kay Trudeau. Ang iba ay nagsimula nang magparamdam- at mga hindi gaanong mapapansin - na mga senyales sa interes nila sa pinakamakapangyarihan na trabaho. ***RCI***


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Sasailalim sa mainit na laban ang sasabak para sa liderato ng Liberal







***Isang linggo matapos ang pagbibitiw ni Prime MInister Justin Trudeau, lumitaw ang mas malinaw na litrato ng labanan sa liderato ng Liberal***

Ang dating gobernador ng Bank of Canada na si **Mark Carney**, kaliwa, si **Christy Clark**, dating premier ng British Columbia, gitna, at dating fiannce minister **Chrystia Freeland**, kanan, ang tatlo sa tila mga mabibigat na magkakalaban-laban para liderato sa Liberal.

Kung sino man ang mga-giging kandidato ay tiyak mahihirapan pareho sa pagtakbo para sa liderato at sa kampanya sa general elections nang magkasabay.

Ayon sa survey kamakailan ng Abacus Data, hindi lang ito ang magiging hamon.

Si David Coletto ang founder at CEO ng polling firm. Pag-uusapan niya ito, at kung paano ang naging pagtanggap ng mga Canadians sa pagbibitiw ni Trudeau, at kung ano ang ibig sabihin nito para sa Liberal party. ***RCI***

## Canadian actor Michael J. Fox kabilang sa ginawaran ng Pres'l Medal of Freedom ni Biden



***Michael J. Fox***

***Iginawad ni U.S. President Joe Biden ang Presidential Medal of Freedom, ang pinakamataas na parangal para sa isang sibilyan sa U.S., kay Canadian actor Michael J. Fox at sa iba pa kamakailan.***

Si Michael J. Fox ay isang aktor na nanalo ng limang Emmy Awards, apat na Golden Globe Awards, dalawang Screen Actors Guild Awards, at Grammy Award. Isinapubliko ni Fox, ipinanganak sa Alberta at bumida sa movie franchies ng Back to the Future, na na-diagnose siya na may Parkinson noong 1991 sa edad na 29 at itinayo niya ang Michael J. Fox Foundation noong 2000 para sa research ng Parkinson.

Ang makatanggap ng Presidential Medal of Freedom ay isang malaking karangalan, isang pagkilala na hindi ko inasahan, sabi ni Fox, 63 anyos, sa website ng kanyang foundation. Ako ay nagpapasalamat sa pagkilalang ito, na ibinabahagi ko sa mga pasyente, pamilya at mga researchers na tumulong na malapit na natin higit sa lahat ang lunas sa sakit na Parkinson.

"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours

Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# 6 milyong balota nasayang dahil sa TRO ng SC - Comelec



*Itinigil ng Comelec ang pag-imprenta ng mga balota para isama sa official ballot ang pangalan ng limang kandidato na una nang inalis ng poll body subalit pinabalik ng Supreme Court.*

**MANILA, Philippines** — Aabot sa anim na milyong balota na natapos nang iimprenta ng poll body para sa 2025 National and Local Elections (NLE) ang mababalewala at masasayang lamang, ayon kay Commission on Elections (Comelec) Chairman George Erwin Garcia.

Kasunod na rin ito nang pagpapalabas ng Korte Suprema ng temporary restraining order (TRO) laban sa diskuwalipikasyon ni dating Caloocan City representative Edgar Erice at apat na iba pa.

Matatandaang kamakalawa, nagpalabas ng TRO ang Supreme Court (SC) at hinadlangan ang Comelec laban sa pagdiskuwalipika sa mga ¬naturang kandidato.

Dahil dito, napilitan ang Comelec na kaagad na ipatigil ang pag-iimprenta ng mga balota dahil hindi kasama sa mga ito ang mga pangalan ng mga naturang kandidato na una na nilang diniskuwalipika ngunit malaunan ay pinaburan ng Mataas na Hukuman.

"Yung naimprenta po namin na higit kumulang na 6 na milyong balota ay mababalewala na po lahat sapagkat wala po 'yung pangalan ng naturang kandidato," ani Garcia.

"And therefore, back to zero po kami," aniya pa.

Sa pagtaya ni Garcia, ang bawat balota ay nagkakahalaga ng P22 kaya't sa kabuuan, aabot sa P132 milyon ang halaga ng masasayang na balota.

"Pagkatapos napakarami po namin doon na mga tauhan na pinapasuweldo with overtime lahat po 'yun kasi nga po may night shift po kami."

Sa kabila nang pagkaantala ng ballot printing, tiniyak ni Garcia na tuluy na tuloy pa rin ang pagdaraos ng midterm polls sa Mayo 12.

Kinumpirma rin ni Garcia na bukod sa ballot printing, apektado rin ng desisyon ng Korte Suprema ang mock elections, na ipinagpaliban sa Enero 25. ***Pilipino Star***




4334 KINGSTON ROAD (AT LAWRENCE AVE. EAST)
416-281-1234 • www.myactionhonda.com

# Pagtakbo sa 2028 elections ikinokonsidera ni VP Sara

**PILIPINAS** — Kinumpirma ni Vice Pres. Sara Duterte na seryoso niyang ikinokonsidera ang pagtakbo sa 2028 national elections.

"***We are seriously considering,***" sagot ng bise presidente matapos na matanong ng isang OFW sa Japan hinggil sa posibilidad na tumakbo siya sa 2028 polls.

Nabatid na nagtungo si VP Sara sa Japan kamakailan para sa isang private trip. Nakabalik na rin ito sa bansa.

"I really believe that our country will be great… mahirap siyang ipaintindi sa ating mga kababayan,



*Vice President Sara Duterte*

mahirap 'yung kailangan nating gawin kasi you really had to stand firm especially with government policies para maayos siya pero paniwala ko kung magkaisa lang 'yung mga tao, alam natin kung saan tayo papunta, magagawa ng ating bayan," dagdag niya.

Sa naturang pagbisita, binisita rin at kinausap ni VP Sara ang ilan sa mga grupo ng OFWs doon.

Hindi naman umano binanggit ng bise presidente kung ano ang posisyong pinag-aaralan niyang takbuhan sa 2028.

Matatandaang pinanawagan ng mga taga-suporta at kaalyado ni Duterte na tumakbo itong pangulo ng Pilipinas.

Samantala, balak umano ni dating presidential legal counsel Salvador Panelo na patakbuhin si Senador Robin Padilla bilang pangulo sa 2028 sakaling hindi tumakbo si Duterte.

***Pilipino Star Ngayon***




# NBI wraps up probe into VP Sara Duterte's death threats vs Marcos

**MANILA, Philippines** — The National Bureau of Investigation (NBI) has concluded its investigation into Vice President Sara Duterte's alleged death threats against President Ferdinand Marcos Jr.

In late 2024, Duterte publicly bared plans to have Marcos, First Lady Liza Araneta-Marcos and House Speaker Martin Romualdez killed if she were to die.

"We were informed already that the NBI finished its investigation, but further evaluation is needed. We are sending prosecutors over to look at the evidence, to evaluate the evidence that is in the custody of the National Bureau of Investigation," Prosecutor General Richard Fadullon said at a press briefing last January 13.

"The NBI and the DOJ are working closely together to ascertain the evidence we have on hand," Fadullon said.

DOJ Undersecretary Raul Vasquez clarified that this process is part of building a strong case.

"Once the evaluation is confirmed to be enough to warrant preliminary investigation, that's the time that the preliminary investigation proper will be initiated," Vasquez said. Philstar.com

The threats that Duterte made at a midnight press briefing in November last year made international headlines. In her remarks, Duterte claimed she had already contracted a hitman to target Marcos if she died.

The NBI has since taken charge of investigating these threats against the president.

While Duterte has failed to appear in response to NBI summons, the agency said it would continue its investigation.

Despite the ongoing probe, the government has already labeled Duterte a "self-confessed mastermind" in the alleged plot to kill Marcos. Some of the charges authorities are eyeing are conspiracy, sedition and other more serious offenses.

The vice president has expressed no remorse over possible criminal charges against her.

"At least they know that if I die, I will not die in vain," Duterte said at a previous briefing.

***Philstar.com***

# Sinabi ni Biden na 'nasa mas mabuting kalagayan ang mundo' dahil kay Trudeau

Naglabas si U.S. President Joe Biden ng magandang review sa panahon ng panunungkulan ni Prime Minister Justin Trudeau, siya ay inilarawan bilang ang tao na naglagay sa mundo, sa kontinente at ang bilateral relationships sa mabuting kalagayan kaysa sa inabutan niya noong 2015.

Inilarawan siya na isang kaibigan, sabi ni Biden na ang U.S. ay walang ibang mas malapit na kaalyado at kaibigan kaysa sa Canada at ganito rin ang masasabi niya sa kay Trudeau.

Sinabi ni Biden na si Trudeau ang unang foreign leader na nakausap niya nang siya ay naging pangulo at nakausap niya si Trudeau noong Lunes, matapos ianunsyo ng prime miister ang kanyang pagbibitiw, para iparating ang kanyang apresyasyon sa mga nagawa sa pamamagitan ng kanilang pagtutulungan.

Hinarap namin ang mabibigat na isyu na kinakaharap ng ating mga bansa sa loob ng maraming dekada, mula sa pandemya ng COVID-19 hanggang sa climate change at maging ang salot na fentanyl, sabi ni Biden.

Nanindigan kami kasama ang taumbayan ng Ukraine sa harap ng ginawang paglusob ng Russia nang sa ganon ay idepensa ang napakasagradong halaga ng ating mga bansa: ang kalayaan, dagdag ng outgoing na pangulo.



*Sina Prime Minister Justin Trudeau at U.S. President Joe Biden sa isang meeting sa Parliament Hill sa Ottawa noong Marso 24, 2023.*

Ginawa namin ang general investments para palakasin ang ating supply chains at muling maitayo ang ating mga ekonomiya mula sa baba paitaas at mula sa gitna- palabas.

Ayon pa kay Biden na si Trudeau ay namuno na may commitment, optimism at strategic vision, at ang bilateral na ugnayan ay mas malakas dahil sa kanya.


Ang mga Amerikano at Canadian ay mas ligtas dahil sa kanya. At ang mundo ay nasa mas mabuting kalagayan dahil sa kanya, sabi ni Biden.

Ang mga pahayag ni Biden ay malaking kabaligtaran sa reaksyon ni US president-elect Donald Trump sa pagbibitiw ni Trudeau. Ginamit ng incoming president ang okasyon para muling imungkahi na pagkaisahin ang Canada sa Estados Unidos.

Maraming tao sa Canada ang LOVE ang maging 51st State. Hindi na matitiis ng United States ang napakalaking Trade Deficits at Subsidies na kailangan para manatiling nakatayo ang Canada. Alam ito ni Justin Trudeau, kaya siya nagbitiw, sabi ni Trump sa ipinost sa Truth Social platform .

Kung ang Canada ay aanib sa U.S., patuloy pa ni Trump, walang Tariffs, bababa ang buwis, at sila ay TOTALLY SECURE sa banta ng Russian at Chinese Ships na patuloy na umaaligid sa kanila. Kapag nagsama, magiging napakalakas na Nasyon ito!!! ***RCI***

***Ang magandang papuri ni Biden sa kay Trudeau ay malaking kabaligtaran sa kay Trump na iminungkahi ang pagsamahin na ang Canada at U.S.***




# ISANG GOBYERNO NA WALANG KORAPSIYON




***"ANG KAHARIAN KO AY HINDI BAHAGI NG SANGLIBUTAN"*** - SABI NI JESUS

"Sa katapus-tapusan, ang mga opisyal ng bayan ay mga mamamayan pa rin at tayong lahat ay produkto ng lipunan." Ganiyan ang sinabi ng chief auditor ng Nicaragua nang ipinaliliwanag niya kung bakit iniisip niyang imposibleng maalis ang korapsiyon sa gobyerno.

Sang-ayon ka ba na kung tiwali ang lipunan ng tao, anumang gobyerno na bahagi nito ay magiging tiwali rin? Kung gayon, tiyak na hindi manggagaling sa lipunan ng tao ang isang gobyerno na walang korapsiyon. Ganiyang-ganiyan ang inilalarawan ng Bibliya na gobyerno—ang Kaharian ng Diyos, ang gobyerno na itinuro ni Jesus na ipanalangin ng kaniyang mga tagasunod.—***Mateo 6:9, 10***.

Ang Kaharian ng Diyos ay isang tunay na gobyerno na namamahala mula sa langit. Ito ang papalit sa lahat ng gobyerno ng tao. (***Awit 2:8, 9; Apocalipsis 16:14; 19:19-21***) Kabilang sa mga pagpapala ng Kaharian para sa mga tao ay ang pag-alis ng korapsiyon sa gobyerno. Tingnan ang anim na aspekto ng Kaharian na tumitiyak nito.

## 1. KAPANGYARIHAN

**PROBLEMA**: Ang pondo ng mga gobyerno ng tao ay mula sa mga mamamayan nito na karaniwan nang galing sa mga buwis. Dahil sa pumapasok na perang ito, natutuksong magnakaw ang ilang opisyal, ang iba naman ay tumatanggap ng suhol sa mga taong gustong mabawasan ang kanilang ibinabayad na buwis o iba pang bayarin sa gobyerno. Maaari itong humantong sa walang-katapusang problema—tinataasan ng gobyerno ang buwis para makabawi, na pagmumulan naman ng higit pang korapsiyon. Sa ganitong kalagayan, posibleng ang mga tapat ang higit na magdurusa.

**SOLUSYON**: Ang kapangyarihan ng Kaharian ng Diyos ay mula kay Jehova, ang Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat. * (***Apocalipsis 11:15***) Hindi nito kailangang mangolekta ng buwis. Sa halip, dahil sa "kapangyarihan" ng Diyos at sa kaniyang pagkabukas-palad, tiyak na saganang ilalaan ng Kaharian ang pangangailangan ng lahat ng sakop nito.—***Isaias 40:26; Awit 145:16.***

## 2. TAGAPAMAHALA

**PROBLEMA**: Ang pagsisikap na alisin ang korapsiyon ay "dapat magsimula sa taas," ang sabi ni Susan Rose-Ackerman, na binanggit sa naunang artikulo. Nawawalan ng kredibilidad ang mga gobyerno kapag sinisikap nitong alisin ang korapsiyon sa pulisya o mga opisyal ng customs pero kinukunsinti naman ang katiwalian ng matataas na opisyal. At kahit na ang pinakamatuwid na tagapamahalang tao ay nagkakamali rin. Gaya ng sinasabi ng Bibliya, "walang taong matuwid sa lupa na patuloy na gumagawa ng mabuti."—***Eclesiastes 7:20***.

Tinanggihan ni Jesus ang pinakamalaking suhol

**SOLUSYON:** Si Jesu-Kristo, na pinili ng Diyos para maging Tagapamahala ng Kaharian, ay hindi maaaring matuksong gumawa ng masama di-gaya ng makasalanang mga tao. Ipinakita ito ni Jesus nang tanggihan niya ang pinakamalaking suhol—"ang lahat ng mga kaharian ng sanlibutan at ang kanilang kaluwalhatian." Ito ang ipinangako kay Jesus kapalit ng isang gawa ng huwad na pagsamba sa tagapamahala ng mundo, ang Diyablo. (Mateo 4:8-10; Juan 14:30) Kahit na nang pahirapan si Jesus hanggang kamatayan, determinado siyang manatiling tapat anupat tinanggihan ang ipinaiinom sa kaniya na magtatanggal nga sa kirot pero maaari naman siyang mawalan ng kontrol sa sarili. (Mateo 27:34) Binuhay-muli ng Diyos si Jesus tungo sa langit. At napatunayan na niyang lubusan siyang kuwalipikado na mamahala sa Kaharian.—Filipos 2:8-11.

## 3. KATATAGAN

**PROBLEMA**: Regular ang mga eleksiyon sa maraming bansa, kung kailan mapaaalis daw ng mga botante ang tiwaling mga opisyal na nasa puwesto. Pero sa totoo lang, sa panahon ng mga kampanya at eleksiyon, mas malamang na magkaroon ng korapsiyon, kahit sa tinatawag na mauunlad na bansa. Dahil sa donasyon para sa kampanya at iba pang ginagawa ng mayayaman, naiimpluwensiyahan nila ang nakaupo at ang susunod na manunungkulan sa gobyerno.

Isinulat ni Judge John Paul Stevens ng Korte Suprema ng Estados Unidos na ang gayong impluwensiya ay nagbabanta "hindi lang sa kalidad at pagiging nararapat ng Gobyerno kundi sa tiwala rin dito ng bayan." Kaya hindi kataka-taka na iniisip ng maraming tao sa buong daigdig na ang mga partido sa politika ang pinakatiwali sa lahat ng institusyon.

**SOLUSYON**: Matatag at permanente ang pamamahala ng Kaharian ng Diyos kaya hindi na magkakaroon ng mga pandaraya sa kampanya o sa eleksiyon. (Daniel 7:13, 14) Yamang Diyos ang pumili sa Tagapamahala nito, ang Kaharian ay hindi nakadepende sa mga boto ng tao at hindi rin maaaring pabagsakin. Dahil sa katatagan nito, tiyak na ang lahat ng gagawin nito ay para sa ikabubuti ng tao.

## 4. BATAS

Ang Kaharian ng Diyos ay isang tunay na gobyerno na namamahala mula sa langit

**PROBLEMA**: Sa unang tingin, parang makatutulong ang paggawa ng bagong mga batas. Pero nakita ng mga eksperto na ang pagdaragdag ng mga batas ay kadalasang nagiging daan lang sa higit pang korapsiyon. Isa pa, kadalasan nang napakalaki ng gastos sa pagpapatupad ng mga batas para bawasan ang korapsiyon, pero wala namang gaanong nagagawa.

**SOLUSYON:** Ang mga batas ng Kaharian ng Diyos ay lubhang nakahihigit sa mga batas ng gobyerno ng tao. Halimbawa, sa halip na gumawa si Jesus ng mahabang listahan ng mga dapat at di-dapat gawin, ibinigay niya ang karaniwang tinatawag na Gintong Aral. Sinabi niya: "Lahat ng mga bagay, kung gayon, na ibig ninyong gawin ng mga tao sa inyo, gayundin ang dapat ninyong gawin sa kanila." (Mateo 7:12) Kapansin-pansin, ang mga batas ng Kaharian ay nakapokus sa motibo at pagkilos. "Iibigin mo ang iyong kapuwa gaya ng iyong sarili," ang sabi ni Jesus. (Mateo 22:39) Siyempre pa, ang Diyos, na nakababasa ng puso, ang kayang magpatupad ng gayong mga utos.—1 Samuel 16:7.

## 5. MOTIBO

**PROBLEMA:** Kasakiman at pansariling interes ang ugat ng korapsiyon. Kadalasan nang ganiyan ang ugali ng mga opisyal ng gobyerno at ng mga mamamayan. Sa bumagsak na department store sa Seoul na binanggit sa naunang artikulo, tumanggap ng suhol ang mga opisyal ng gobyerno mula sa mga kontratista. Alam ng mga ito na makatitipid sila kung magbibigay sila ng suhol sa halip na gumamit ng tamang materyales at sumunod sa pamantayan ng pagtatayo.

Kaya para maalis ang korapsiyon, kailangang maturuan ang mga tao na madaig ang kasakiman at pagkamakasarili. Gayunman, walang pagnanais at kakayahan ang mga gobyerno ng tao na ipatupad ang ganitong uri ng pagtuturo.

**SOLUSYON:** Lulutasin ng Kaharian ng Diyos ang pinakaugat ng korapsiyon sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga tao kung paano madaraig ang masasamang motibo na sanhi nito. * Ang pagtuturo na ito ay tutulong para "magbago [sila] sa puwersa na nagpapakilos sa [kanilang] pag-iisip." (Efeso 4:23) Natututuhan nilang maging kontento at magpakita ng interes sa iba sa halip na maging sakim at makasarili.—Filipos 2:4; 1 Timoteo 6:6.

## 6. SAKOP

**PROBLEMA:** Kahit sa pinakamagandang kalagayan at pagtuturo sa moral, may mga tao pa rin na pipiliing maging di-tapat at tiwali. Inaamin ng mga eksperto na iyan ang dahilan kung bakit hindi maalis ng mga gobyerno ng tao ang korapsiyon. Ang tanging maasahan na lang ay mabawasan ang korapsiyon at ang pinsala nito.

**SOLUSYON**: Sinabi ng United Nations Convention Against Corruption na para malabanan ang korapsiyon, dapat itaguyod ng mga gobyerno ang "integridad, katapatan, at pagiging responsable." Bagaman magandang tunguhin ito, higit pa sa pagtataguyod ng mga katangiang ito ang ginagawa ng Kaharian ng Diyos—hinihiling ito sa mga sakop nito. Ayon sa Bibliya, ang "mga taong sakim" at "sinungaling" ay hindi magmamana ng Kaharian.—1 Corinto 6:9-11; Apocalipsis 21:8.

Matututuhan ng mga tao na sumunod sa matataas na pamantayang moral na ito, at nagawa na ito ng unang mga Kristiyano. Halimbawa, noong subukan ng alagad na si Simon na bumili ng banal na espiritu mula sa mga apostol, hindi nila tinanggap ang suhol at sinabi sa kaniya: "Pagsisihan mo ang kasamaan mong ito." Nang makita ni Simon ang panganib ng kaniyang maling pagnanasa, hiniling niya sa mga apostol na ipanalangin siya para madaig niya ito.—Gawa 8:18-24.

### KUNG PAANO MAGIGING SAKOP NG KAHARIAN

Anuman ang nasyonalidad mo, puwede kang maging sakop ng Kaharian ng Diyos. (Gawa 10:34, 35) Paano? Malalaman mo ito sa iniaalok ng Kaharian na programa ng pagtuturo na ginagawa na ngayon sa buong mundo. Matutuwa ang mga Saksi ni Jehova na ipakita sa iyo kung paano ginagawa ang libreng pag-aaral sa Bibliya sa inyong bahay, kahit mga 10 minuto lang sa isang linggo. Matututo ka rin nang higit pa tungkol sa "mabuting balita ng kaharian ng Diyos," at kung paano nito aalisin ang korapsiyon sa gobyerno. ***(Lucas 4:43***) Maaari kang makipag-usap sa mga Saksi sa inyong lugar o magpunta sa aming website na ***jw.org.***



***Gusto mo ba ng isang libreng pag-aaral sa Bibliya sa inyong bahay?***

# Nagselos ako nang iniwan ako ni mama para maging yaya sa Canada. Ngayon naiintindihan ko na ang kanyang sakripisyo

Ako ay 10 taong gulang nun nang malaman ko na gusto nang mama ko ang makaalis.

Ang kolum sa First Person na ito ay ang karanasan ni Mark Datoc, na nakatira sa Calgary. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga istorya sa First Person ng CBC (bagong window), tingnan ang FAQ. Ang kwentong ito ay bahagi ng Welcome to Canada (bagong window), isang CBC News series tungkol sa imigrasyon hango sa kwento ng mga tao sa karanasan nito .

Nakatira kami sa Pilipinas at gusto ng mama ko na magtrabaho sa Canada para tulungan ang pamilya namin na makaahon sa kahirapan. Maraming taon na siyang nag-aaplay ng trabaho, tumigil sa paghahanap ng ilang taon nung ako ay naipanganak, at pagkatapos ay nagpadala na naman ng mga aplikasyon.

Nalaman ko ang plano ng mama ko kay kuya isang araw pagkatapos ng klase habang nakaupo kami at pinapanood ang paglubog ng araw malapit sa aming bahay. Masyado akong nabigla at walang masabi. Tahimik kaming naglakad pauwi. Nang makita ko si mama na nagluluto ng chicken adobo at nakangiti na parang walang problema, nagpunta ako sa kwarto ko para umiyak.

Ang Pilipinas ay magandang bansa at ang mga Pilipino ay mababait. Pero mahirap din mamuhay doon. Ang hirap kumita ng pera dahil maliit ang sweldo at madalas nade-delay ang pasahod. Nagkautang ang pamilya ko dahil ako ay palagiang lubhang nagkakasakit nung bata pa ako. Napakapait ng mga pangyayari nung minsan ay ibinenta ng mama ko ang kanyang phone para may pambili ng gamot para sa akin. Kada buwan, seguro 60 hanggang 70 porsyento ng kanyang suweldo ang napupunta sa pagbabayad ng kanyang mga utang.



*Si Mark Datoc, kanan, kasama ang kanyang mama, si Joy Datoc, sa Lake Louise National Park sa Alberta.*

Kaya naman nag-aplay ulit siya ng trabaho sa Canada, sabi niya, nung tahimik namin na pinag-usapan ito. Pero hindi pa rin ako handa sa araw na talagang umalis na siya makalipas ang tatlong taon.

Nasa kwarto ako naglalaro ng video games nang makarinig ako ng sigaw mula sa sala namin. Ang mama ko ay tumatalon at umiiyak dahil natanggap siya sa trabaho sa Canada bilang taga-alaga ng bata.

Masaya ako para sa kanya. Pero nang magsimula na siyang mag-impake ng mga gamit niya, galit na galit ako at hindi ko siya kayang tingnan. Papuntang airport, nakatitig lang ako sa mga ulap. Pagkatapos, biglang bumuhos ang luha ko at niyakap ko si mama at umiyak. Huminto kami sa paborito naming restaurant, ang Jollibee, at kumain ng fried chicken, spaghetti at burger steak. Nag-usap kami tungkol sa aming mga paboritong alaala at pagkatapos ay nagpunta sa simbahan para magpasalamat sa Diyos



*Nakasakay si Mark Datoc sa isang mountain bike sa Pilipinas. Regalo ito ng kanyang mama at papa nung mga taon na nagtrabaho ang kanyang ina sa Canada.*



***Si Datoc, kanan, kasama ang kanyang ina na si Joy Datoc, ang kapatid niya na si Erwin Datoc at ang ama na si Gareth Datoc nung umuwi si Joy sa wakas sa Pilipinas noong 2022.***

at para hilingin sa Kanya na protektahan siya.

Dumating ang oras para umalis na siya, at sinabi sa akin ng papa ko ang isang bagay na palagi kong kinakapitan: Magiging OK din ang lahat; Magkakasama tayo muli pagdating sa itinakdang panahon ng Diyos.

### *Apat na taon kong hindi personal na nakasama ang mama ko.*

Tuwing hapon, dahil magkaiba ng oras, tinatawagan namin ang mama ko bago siya papasok sa trabaho. Nakatulong ang video calls dahil pakiramdam ko nandiyan pa rin ang mama ko. Pero umiiyak ako sa kwarto ko sa selos at hindi ko ipinaalam sa pamilya ko dahil ayokong malungkot sila.

Dalawang taon matapos siyang umalis, nung 2020, nagpasya ang pamilya ko na samahan namin ang mama ko sa Canada. Hindi ako masaya dahil alam kong mami-miss ko ang mga kaibigan, pinsan at lola ko. Ngunit nangyari ang pandemya at naantala ang lahat ng aming mga plano. Nagpatuloy ang aking ina sa pagtatrabaho sa Canada, at na-miss namin siya ngunit patuloy kaming naninirahan sa Pilipinas.

Naaalala ko ang bawat birthday na wala siya. Bumili siya ng mga regalo — isang Android phone, isang gaming computer at kalaunan ay isang 120cc na motorsiklo nung ako ay umedad ng 15. Subalit na-miss ko siya. Naiinggit ako kapag nakita ko ang ibang mga tinedyer kasama nila ang mga mama nila — kahit pa pinagagalitan sila. Nariyan ang mama nila na gumagabay sa kanila at tumulong sa kanilang homework.

Hanggang sa natanggap ko ang isang sorpresa. Malapit na ang 17th birthday ko. Naglalakad ako pauwi galing sa eskwelahan, iniisip ko siya, nang tumingala ako sa langit at hiniling sa Diyos na sana ay makauwi na siya.

Pagdating ko sa bahay, ipinaalam ng papa ko na uuwi si mama sa birthday ko.

Nung araw na iyon, pinuno namin ang aming bahay ng balloons, keyk at ang paborito niyang pink at mga puting bulaklak. Niyakap ko siya ng mahigpit at hinalikan. Pumunta kami sa paborito naming restaurant at kumain ng peach mango pie. Napakasaya ng kuwentuhan namin. Sinorpresa ako ng mama ko ng bagong iPhone.

Sa wakas, noong Oktubre 2022, nakarating kaming lahat sa Canada.

Ang pamumuhay sa Calgary ay maganda pero ibang-iba. Maging ang traffic sa kalsada ay iba. Sa Pilipinas sinisuway ng mga tao ang traffic rules pero mas maayos ang mga kalsada sa Canada. Naho-homesick ako at nami-miss ko ang aking mga pinsan, at nahihirapan akong makihalubilo sa ibang mga tinedyer dahil hindi ako gaanong nakakapagsalita nang malinaw at madali sa Ingles.

Pero alam kong sulit ang sakripisyo ng mama ko. Lumipas ang dalawang taon, magtatapos na ako sa high school at plano kong mag-aral sa kolehiyo para maging welder o mekaniko ng sasakyan. Ang pamilya ko ngayon ay namumuhay nang walang utang at nakakapagpadala ng pera para suportahan ang aking lola (sa Pilipinas). Mahirap ang pinagdaanan ng pamilya ko pero ngayon masasabi ko na na maganda ang kinabukasan ko dito sa Canada. ***RCI***

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

**Urong-sulong galawang 'impeach' Sara Duterte**

Ilang kongresista ang nagdadalawang-isip na umano sa isinusulong na *impeach* VP Sara Duterte dahil sa ginanap na *National Rally for Peace* ng Iglesia ni Cristo noong Enero 13 na kung saan mahigit daw 1.5Milyong miyembro at '*supporters*' ang nagtipon-tipon sa Luneta Park. Bakit?

***Dahil takot mga re-eleksiyonistang Kongresista sa Iglesia?***

**********

Sa kasalukuyan ay may tatlong impeachment complaints na inihain sa Kongreso laban sa bise presidente, at, meron pa raw ika-4 na reklamo pero wala pa hanggang sinusulat ko ito. Sa mga unang araw ay maraming Kongresista na pabor at sumusuporta sa nasabing 'impeach Sara' pero matapos ng Enero 13 INC 'peace rally' sa Luneta ay...

***Nabahag na raw 'buntot' ng ilang asong-gala sa Kamara?***

**********

Bakit nga raw ba 'takot' mga pulitiko sa Iglesia ni Cristo at ilan pang malalaking relihiyosong ministro o' samahan/grupo tulad ng El Shaddai, Seventh Day Adventist, Jesus is Lord Chruch Worldwide, pati na Kindom of Jesus Christ ni Apollo C. Quiboloy? Simple lang sagot dyan, dahil kayang magpanalo ng kandidato ng INC dahil milyones botante nila, at ang Iglesia lang, yata, ang...

***'Block voting'ang ginagawa.***

*********

Mas maraming Katoliko keysa INC, at iba pang religious ministries sa Pinas, pero, hindi pinipilit ng mga Pari at mga Pastor ang kanilang mga karelihiyon na iboto ang partikular na kandidato na lumalapit at humihingi ng bendisyon sa mga opisyales ng Simbahan at/o Ministry, dahil...

***Lahat ng tao may karapatang iboto ang kursunadang tao.***

*********

Hindi natin sinasabi rito na ang 'block voting' ng INC ay 'kautusan' ng kapatirang nakakataas dahil hindi po natin alam kung ano ang kanilang mga polisiya at/o batas ng pananampalataya hinggil sa pulitika ng bansa. Basta ako...

***Sinusunod ko ang dikta ng puso at isipan ko sa pagboto.***

*********

Naging '*Rally for Sara*' ang 'Rally for Peace and Unity' ng INC sa Luneta dahil sa ginawang 'speech' ni Cong. Dante Marcoleta na binira ng sagad-sagad ang QuadCom ng mga kasamahan nyang Kongresista para depensahan ang naging imbestigasyon sa ginastos ng walang mga resibo umano na 'Confidential Funds' ni VP Sara sa DeepEd at OVP na me kabuuang Ph612.5Milyon. Wala raw dapat mamulitika sa rally sa Luneta, ayon sa kalatas ng Iglesia, pero...

***Nag-abogado si Marcoleta ke Sara sa paggastos sa pera ng bayan.***

*********

Apurahan ang ginagawang aksyon ng Liberal Party sa paghanap o' pagpili ng ipapalit ke Justin Trudeau bilang Party Leader at Prime Minister ng Canada matapos mapilitang mag-resign last week si Trudeau dahil nga...

***Wala ng tiwala mga Canadians ke Justin Trudeau.***

*********

March 9 ang deadline para makahanap ang Liberal Party ng kapalit ni Trudeau at January 23 ang last day of filing ng mga tatakbong Party Leader ng LP at habang tinitipa ko itong kolumn ko ay iisa pa lang ang nagsabing gusto nyang palitan si Trudeau at ito ay si...

***Mark Carney na dating Bank of Canada governor ang gustong maging Prime Minister ng Canada***

*********

Well, hindi madaling tumakbo bilang Party Leader dito sa Canada, lalo sa Liberal Party na majority party nga ng bansa kayat naging PM si Justin Trudeau, kailangang paldo bulsa mo dahil...

***Filing fee pa lang ng tatakbong LP Leader ay $350K kada kandidato na***

*********

Nagsalita na rin kahapon si MP Anita Anand na hindi na rin sya sasali sa leadership race at hindi na rin tatakbong re-electionist sa Oakville at tatapusin na lang ang serbisyo bilang Transportation Minister. Bakit?

***Wala na eh, grabe angat ng PC sa Liberal Party, 27 points!***

*********

Well, hintayin na lang po natin kung sino na ang magiging kapalit ni Justin Trudeau bilang lider ng Liberal Party sa March 9 dahil muling magbubukas ang Parliament sa March 24 at paniguradong ....

***Magkakaruon na agad ng vote of confidence para magkaruon ng agad ng federal election ngayong spring.***

*********

Anyare sa ginawang peace rally kahapon, January 13, sa Luneta na sinabi at tinawag ng Iglesia ni Cristo (INC) na walang pulitikong dadalo at sasama sa nasabing pagtitipon na dinaluhan ng may 1.5Milyong miyembro? Para itong naging...

***Miting de abanse ni Marcoleta ah!***

*********

Suportado raw ng mga kandidatong sina Bato dela Rosa, Tol Tolentino at Belgica at iba pang pulitiko ang pagkakaisa at kapayaan ng rally ng INC kaya sila anduon sa Luneta.

***Nakngdragon Tol Reyfort! Walang pulitika mga pulitiko na dumalo sa Luneta??? Talaga lang ha?***

*********

Gigil na gigil sa pagsasalita si Cong Rodante Marcoleta sa pagtira sa ginawang budget deliberations ng Kamara/QuadCom lalo na sa pagtapyas ng confidential funds ni VP Sara Duterte na halos pag-amin na...

***Personal syang abogado ni VP Sara at di diputado ng bayan.***

*********

Close friend ng nasira kong utol Senior Citizens Partylist DiCong Jun Datol si Cong Dante Marcoleta at nakaharap ko na ito several years back nuong buhay pa si Utol Jun at hanga ako sa paninindigan nya bilang mambabatas. Pero, sa ginagawa at pananalita nya sa pagdedepensa ke VP Sara sa impeachment complaints kontra sa Bise...

***Ekis na sa balota ko bilang Senador si Marcoleta!***

**********

Nag-withdraw bilang Senatorial candidate nuong Linggo si dating Ilocos Sur Gov. Chavit Singson dahil sa sakit

daw yata nya at medyo baka mahirapan sa nationwide campaign, at, grabe rin ang dami ng inaasikasong mga negosyo. Well...

***Kahit di naman Senador, talo pa ni Lodi Chavit kahit Bise Pres, eh, di ba Pareng Joe Damasco?***

**********

Ano raw tingin ko sa kandidatura ni Erwin Tulfo bilang Senador ngayong Mayo 12 midterm election? Tanong ng marami kong kaibigan sa Pinas. Sagot ko? Dahil namemeke at di Pinoy...

***Never kong iboboto si Erich Sylvester Tulfo.***

**********

Bakit daw si dating Bamban, Tarlac Mayor Alice Leal Guo aka Guo Hua Ping ay agad-agad sinuspindi at/o sinibak na alkalde ng Bamban kahit na elected ito ng bayan, gayung halos parehas sila ng kaso ni Erwin Tulfo na nameke ng dokumento para makakuha ng birth cetificate at passports? Dahil kaya sa..

***Intsik si Alice Guo at walang makapangyarihang kapatid na Senador???***

**********

Kahit nga si Comelec Chairman Atty. George Garcia raw ay walang magagawa sa sinasabing DQ ni Erwin Tulfo sa laging Top 1 sa Senatorial survey kahit na may mga dokumentong nagpapatunay umano na US citizen ito nuong i-appoint ni PBBM bilang Secretary ng DSWD nuong 2022 at naging ACT-CIS Partylist ng ng di makalusot sa Commission on Appointment.

***Takot nga ba Comelec sa mga Tulfo, lalo na ke Sen. Raffy?***

**********

Basta ako, heto lang muna ang listahan ko ng iboboto ko sa Mayo 12, 2025 midterm elections bilang dual citizen, personal ko po ito ha? Senador: Tito Sotto, Ping Lacson, Bong Revilla, Manny Pacquiao, Willie Revillame, Kiko Pangilinan at ang United Senior Citizens Partylist.

***Yon lang Po muna. Kayo, sino nasa listahan nyo?***

**********

Me dugong ilokano ako, pero, bakit daw hindi ko dinadala si Imee Marcos bilang re-electionist Senator gayung manang sya ni PBBM? Simple lang din sagot ko sa tanong na yon ng mga tropapeeps ko...

***'Dugong Duterte' si Imee, eh, dehins yata Ilokano.***

**********

**SHORT ORDER:** Namayapa na ang aking pangalawang Ina, si Nanay Luring Fortaleza sa edad na 98, ang matriarch ng Fortaleza Family ng Surrey, BC at Leveriza, Malate, Manila na siyang tunay na mapagmahal na Mother ng Fortaleza Figthing Bothers ng Philippine National Team at FEU sa Olympics, Asian at SEA Games, World Boxing Championships at iba pang International Slugfests. Rest in Eternal Peace Nanay Luring in the company of Tatay & Lord Jesus Christ. Maraming salamat Po sa maraming taong pagmamahal at pagturing din sakin bilang isang tunay na anak nyo ni Tatay, Nay Luring. **God Bless.**

# Canada ititigil ang aplikasyon para sa parent, grandparent PR sponsorships

**Hindi tatanggap ang Canada ng bagong parent at grandparent permanent residency sponsorship applications hanggang sa susunod na paunawa, ayon sa isang ministerial directive.**

Ipinahayag sa direktiba na inilathala sa Canada Gazette na ang gobyerno ay nananatiling committed sa pagsasama muli ng pamilya ngunit ito ay magpopokus sa pagpoproseso ng mga aplikasyon na natanggap noong nakaraang taon.

Ayon sa direktiba, sa opinyon ni Immigration Minister Marc Miller ang hakbang na ito ay mas masusuportahan ang mga layunin ng gobyerno tungkol sa imigrasyon at family reunification.

Ang ibang immigration streams naranasan din ang pagtigil ng mga bagong sponsorship upang makatulong na i-clear ang existing backlog.

Sa ilalim ng immigration levels plan ng gobyerno, na ipinatupad ang pangkalahatang pagbaba ng imigrasyon sa susunod na tatlong taon, ang layunin ay papasukin ang mahigit 24,000 katao sa pamamagitan ng parent at grandparent stream ngayong taon.

Ayon sa bagong direktiba ang maximum na 15,000 na aplikasyon na ginawa noong 2024 sa pamamagitan ng family reunification program ang ipoproseso.

Sa ilalim ng parent at grandparent program, 35,700 randomly selected na mga tao ang inimbitahan upang magsumite ng aplikasyon noong 2024, na may layunin na tumanggap ng 20,500 applications.

Ayon sa 2024 annual report sa Parlamento tungkol sa imigrasyon, na inihain ni Miller, may mahigit 40,000 parent at grandparent permanent residency sponsorships sa inventory sa pagtatapos ng 2023.

Sinabi sa report na iyon na ang average processing time para sa sponsorship application ay 24 na buwan. ***RCI***



***Pansamantalang itinigil ng Canada ang pagtanggap ng mga bagong aplikasyon sa parent at grandparent stream***

# Canada magpapadala ng mga Blackhawk, drone sa border sa gitna ng U.S. tariff threat

**CANADA - Ilang araw bago ang inagurasyon ni U.S. president-elect Donald Trump, inanunsyo ng pederal na gobyerno ng Canada na magpapadala ito ng mga drone at dalawang Blackhawk helicopter sa border para simulan ang mahigpit na pagpapatrolyo — kaakibat ang pag-asa na sapat na ito upang pakalmahin ang papasok na administrasyon.**

We are hopeful — and remain hopeful — that the new incoming administration will understand just how incredibly serious we are on this northern border, sinabi ni Public Safety Minister David McGuinty sa isang news conference kamakailan.

Ipinakilala ng Canada ang $1.3 bilyon na spending sa fall economic statement noong Disyembre na naglalayong i-disrupt ang daloy ng fentanyl at palakasin ang 24/7 surveillance ng Canada-U.S. border.

Ang drive upang palakasin ang seguridad sa border kasunod ng banta ni Trump na magpataw ng mabigat na taripa sa Canadian goods, na sinasabi niya ay kailangan upang tugunan ang mga alalahanin tungkol sa seguridad ng border, mga migrante at ilegal na droga, lalo na ang fentanyl.



***U.S. president-elect Donald Trump***



***CA. Deputy Commissioner Bryan Larkin***



***CA. Public Safety Minister David McGuinty***

Si McGuinty, pinapagitnaan ng pinuno ng Canada Border Services Agency (CBSA) at isang senior Royal Canadian Mounted PoliceRCMP official, sinabi ngayong Miyerkules na ang gobyerno ay nagpadala na ng 60 bagong drone at sini-set up ang surveillance towers malapit sa 8,891 kilometrong border.

Sinabi ni Deputy Commissioner Bryan Larkin na ang Royal Canadian Mounted PoliceRCMP nag-lease ng dalawang Blackhawk helicopter, na gagamitin simula Biyernes para sa enhanced surveillance.

Ang gobyerno bibili rin ng bagong teknolohiya, tulad ng X-rays at hand-held chemical analyzers para maiwasan ang drug smuggling, ani McGuinty. Dagdag pa niya ang dami ng fentanyl na nahuli ng Estados Unidos sa kanilang border sa hilaga ay kumakatawan sa maliit na bahagi lang mula sa naobserbahan sa kanilang border sa timog.

We have an obligation to be relentless in pursuing our relationship with the United States, and, from time to time, in debunking information which is not accurate, aniya.

Canadian officials nag-aalala na buo na ang isip ni Trump

Ang news conference at ang mga biniling gamit ay dumating habang tumitindi ang takot na ang bantang taripa ni Trump ay magiging isang reyalidad para sa Canada.

Noong Nobyembre, nagbanta si Trump na magpapataw ng 25 porsyentong taripa sa lahat ng goods na papasok sa Estados Unidos mula sa Canada at Mexico, simula Enero 20 — ang araw ng kanyang inagurasyon — maliban kung pipigilan ng mga bansa ang pagdaloy ng mga droga at migrante sa border.

Pagkatapos lamang ng Pasko, lumipad sina Foreign Affairs Minister Mélanie Joly at Finance Minister Dominic LeBlanc sa Florida upang i-brief ang presidential transition team sa plano ng gobyerno upang mas paghusayin ang seguridad sa border at ilatag ang kaso na ang banta ni Trump na magpatong ng mataas na taripa sa lahat ng Canadian exports patungo sa Estados Unidos ay makakapinsala sa ekonomiya ng dalawang bansa.

Gayunpaman, ang mga opisyal sa paligid ni Prime Minister Justin Trudeau ay lalong nag-alala na ang isip ng U.S. president-elect (bagong window) ay buo na, at tutuparin nito ang kanyang banta. ***RCI***

# Israel, Hamas naabot ang Gaza ceasefire deal sa 15 buwan na giyera: mediators

**Naabot ng Israel at Hamas ang isang kasunduan na itigil ang digmaan sa Gaza at palayain ang mga hostage, sinabi ng mediators ngayong Miyerkules, ayon sa mga report mula sa Reuters at The Associated Press.**

Dumating ito pagkatapos ng higit 15 buwan sa deadly campaign na pumatay sa mahigit 46,000 na Palestinian sa wartorn enclave.

Ang kausunduan, na hindi pa pormal na inaanunsyo, binabalangkas ang anim na linggong initial ceasefire phase kasama ang unti-unting withdrawal ng puwersa ng Israel mula sa Gaza at ang pagpapalaya ng mga hostage na dinukot ng Hamas kapalit ng Palestinian detainees na hawak naman ng Israel, isang opisyal ang nagbigay ng brief sa Reuters.




***Ang kasunduan dumating matapos mapatay ang higit 46,000 sa pambobomba ng Israel sa Gaza***

Anumang kasunduan ay kailangan aprubahan ng gabinete ni Israeli Prime Minister Benjamin Netanyahu, ngunit inaasahan ito na magiging epektibo sa mga susunod na araw. ***RCI***

# E-book tungkol sa istorya ng mga Pilipinong imigrante sa Canada inilunsad



*Ang pamagat ng libro ay Filipinos in the Field: 75 Faces of Migration*

**Tampok sa e-book ang 75 personal na mga istorya mula sa mga Pilipino at mga indibidwal na may lahing Pinoy na nagtatrabaho sa iba't ibang larangan**

Inilunsad ng Embahada ng Pilipinas sa Canada ang pangalawang edition ng e-book na pinamagatang Filipinos in the Field: 75 Faces of Migration noong Disyembre 11 sa pamamagitan ng isang maliit na exhibit sa Delta Hotel Ottawa.

Inilunsad ngayong buwan ang libro na pinamagatang 'Filipinos in the Field: 75 Faces of Migration.'

Litrato: Embahada ng Pilipinas sa Canada

Tampok sa e-book ang 75 personal na mga istorya mula sa mga Pilipino at mga indibidwal na may lahing Pinoy na nagtatrabaho sa iba't ibang larangan. Ang pangalawang edition nagmuni-muni tungkol sa diversity ng mga mahalagang kontribusyon ng mga Pilipinong imigrante sa iba't ibang sektor ng Canada.

Ang Embahada ng Pilipinas sa Canada at ang Philippine Consulates General sa Calgary, Toronto at Vancouver magkakasamang inilunsad ang isang social media campaign, na nagsimula noong Disyembre 16 at tatakbo sa loob ng anim na linggo, tampok ang 75 Pilipino, Filipino Canadians at Canadians na may lahing Pinoy na nanguna sa diverse fields at nag-ambag ng mahalagang kontribusyon sa iba't ibang sektor ng lipunan ng Canada.

Ang e-book ay available para i-download sa **https://qrco.de/FITF75Faces**

# Pinansyal na benepisyo para sa mga ilang Canadians sa darating 2025




*Lalo na para sa lower-income Canadians at mga senior*

CANADA - **Iba't ibang pinansyal na benepisyo darating para sa Canadians sa 2025.**

Magdadala ang bagong taon ng mga pagbabagong pinansyal sa anyo ng taxes, payments, deductions at marami pang iba.

Ang listahan ng mga pagbabago kasama ang pagtaas ng tax bracket at pagbaba ng employment insurance sa mga pay stub.

***RCI***


ROOM FOR RENT

**Single Female**

Close to all amenities, Colleges and Scarborough Town Ctr.

Public bus in front of the house.

**Location: LAWRENCE/BELLAMY**

**Text/Call: 647-287-1870**

WANTED

**A matured Filipina**

CAREGIVER

*Interested Please Call Saverio*

**416-562-9005**

Location: **ETOBICOKE**

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.




**Filipino Canadians** (French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated **957,355**, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for **Filipino immigrants**.

**ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo (with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com


P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***